# I

*[George's POV]*

Halos anim na taon na ang nakalilipas mula nang malagay sa panganib ang buhay namin ng kaibigan kong si Christy sa kamay ng boardmate namin, dahil doon kaya nabalot na ng takot ang aking pagkatao. Madalas na akong kabahan, tila na-paranoid ako. Gulatin nga lang ako, pakiramdam ko ay aatakehin na ako sa puso. Pero dahil din doon, mas lumalim pa ang pagkakaibigan namin ni Christy. Mas matindi pa nga sa mag-bestfriend ang naging turingan namin, para na kaming magkapatid ngayon.

Anyway, ang dami nang nangyari sa loob ng mga taong lumipas. Naka-graduate na ako. Nagtatrabaho na ako sa isang public hospital

sa bayan kung saan din ako gumraduate. At si Christy, malapit na niyang isilang ang panganay nila ni Reel.

Ipinatong ko sa ibabaw ng puntod ang bulaklak kong dala. Sinindihan ko rin ang dalawang kandila at itinirik ko iyon sa tabi ng maliit na krus sa bandang ulunan ng naturang puntod. Iyon ang puntod ng taong nagtangkang pumatay sa amin noon.

"Kung nasaan ka man ngayon, sana mapanatag ka na. Sana kasama mo na rin ang pamilya mo." Sa kabila ng nagawa sa amin ng taong iyon ay nagawa ko pa rin siyang patawarin. Inisip ko na lang na nawala lang siya sa sariling katinuan kaya nagawa niya ang bagay na iyon.

"George?" tinig ng isang lalaki buhat sa aking likuran. Nakakunot-noong nilingon ko siya. Bahagya akong nakatingala dahil nakaupo ako at siya naman ay nakatayo. "Kumusta?" Ngumiti siya sa akin.

"Carlos?" Nanatili akong nakakunot-noo bago tumayo. "Ikaw pala. Sorry, hindi kita kaagad nakilala."

Si Carlos ang nagligtas sa buhay namin ni Christy, at nakulong siya nang ilang taon dahil doon bago napatunayan na self-defense ang dahilan kaya siya nakapatay.

"Ang guwapo ko na ba kaya hindi mo ako kaagad nakilala?" tanong niya sabay kindat sa akin.

Lalong lumalim ang pagkakakunot ng aking noo. Hindi pa rin naaalis ang kayabangan niya sa katawan. Pero in fairness, mas maayos na ang itsura niya ngayon kaysa noon. Malinis at maayos na kasi ang kanyang gupit hindi katulad noon na parang pinagpugaran ng manok ang kanyang ulo. Wala na rin siyang bigote.

"Guwapo? Nananaginip ka o sadyang malakas lang ang hangin?" mataray kong tugon. Tumawa siya. "Grabe, ang yabang mo pa rin. Akala ko pa naman, nagbago ka na."

"Ang tagal mo kasi akong tinitigan bago mo na-realize na ako ito."

"Alam mo namang malabo ang mga mata ko, di ba?"

"Apat na nga 'yang mata mo, malabo pa rin?" nakangising sabi ni Carlos.

"Malabo pa rin talaga kahit nakasalamin pa ako," palusot ko para hindi niya mahalatang nanibago talaga ako sa bago niyang itsura. "Anyway, what are you doing here?"

"Ako dapat ang magtanong sa 'yo niyan, di ba? Ano'ng ginagawa mo rito?" balik-tanong niya sabay silip nang bahagya sa puntod. "'Langhiya naman o, nahawaan ka na ba ng kabaitan ni Christy kaya dinalaw mo ito?" Ngingisi-ngisi siya.

"Baliw!" Dinampot ko ang posporo na nakapatong sa ibabaw ng puntod bago lumakad palayo. Sinundan ako ni Carlos.

"Mabait naman ako at marunong magpatawad. Biktima rin kasi siya..."

"Naks! Kaya mahal kita, eh."

Asar na nilingon ko siya nang tuluyan na kaming makalabas sa loob ng sementeryo.

"Ikaw, tantanan mo ako diyan sa kamamahal mo ha, baka gusto mong silaban kita?"

"Masyado ka namang hot, baby," tumatawang tugon ni Carlos.

Naiiling na lang ako nang kunin ko ang cell phone ko mula sa bulsa ng suot kong pantalon. Naramdaman ko kasing nag-vibrate iyon. Napangiti ako nang makita kong rumehistro sa screen ang pangalan ng kaibigan kong si Christy.

"Hello, Chris?"

"Hi, George," sagot nito mula sa kabilang linya. "Kelan punta mo rito? Nagtatampo na talaga ako sa 'yo, ah. Masyado ka nang nagpapaka-busy diyan. Masyado kang nagpapayaman."

Tumawa ako. "Hindi naman. Marami lang talaga kaming naging pasyente lately. Pero sige, kapag pumunta rito husband mo, sasama ako sa kanya papunta riyan." Namalagi na kasi si Christy sa probinsiya nila simula noong nagbuntis siya.

"Tamang-tama, George, nandiyan si Reel eh. May inayos kasi siya sa restaurant nila. Pero pabalik din siya bukas dito. Sasabihin ko

sa kanyang isama ka ha?"

"Agad-agad?" natawang reaksyon ko. "'Yong asawa mo talaga, hindi pwedeng malayo sa 'yo kahit saglit lang, ano?"

Tumawa rin siya mula sa kabilang linya. "Oo nga, eh. Ang suwerte ko sa kanya. Sana makahanap ka rin ng katulad niya, George."

"Hay naku, wala pa 'yan sa isip ko ngayon..."

"Si Christy ba 'yan?" pabulong na tanong ni Carlos sa akin. Sinulyapan ko siya bago tumango sa kanya. "Pakausap."

"Chris, kakausapin ka raw ng isa mo pang tagahanga rito."

"Sino 'yan?"

"Si Carlos," I answered before I handed my phone to him.

"Hello, Christy. Kumusta?" nakangiting tanong ni Carlos sa nasa kabilang linya na tila ba nakikita niya ang kausap. Ilang minuto rin silang nag-usap bago muling ibinalik ni Carlos ang cell phone ko sa akin. "Salamat."

"Ano'ng sabi niya?"

"Isama n'yo raw ako." Hindi pa rin naaalis ang ngiti sa kanyang mga labi.

"Isama saan?" kunot-noong tanong ko.

"Sa pagpunta mo sa probinsya nila."

"Really, huh?"

"Oo nga. Sige, tawagan mo siya kung hindi ka naniniwala sa akin."

Nagkibit ako ng balikat. "Ite-text ko na lang siya mamaya," sabi ko habang ibinubulsa ang

cell phone ko. “Carlos, may asawa na siya.”

“Alam ko. Sinabi niya sa akin.”

“Okay.”

“Ihahatid na kita. Pauwi ka na ba?” Ilang minutong katahimikan din ang namagitan sa amin bago siya muling nagsalita. “Sa boarding house ni Aling Patring ka pa rin ba nakatira?”

“Hindi na. Lumipat na ako. Balita ko, ipinasarado na raw ni Aling Patring ’yong boarding house niya kasi wala nang umuupa. Kumalat kasi ang balita tungkol sa patayan d’un noon kaya kinatakutan na iyon.”

“Eh, patay naman na ’yong killer.”

“Patay na nga. Pero siyempre hindi mo pa rin maaalis sa isipan ng mga tao ’yong takot.”

“Kunsabagay. Saan ka na nga pala nakatira ngayon?” usisa pa nito.

“Sa bayan,” sagot ko. “Sa isang apartment doon.”

“P’wede ba kitang dalawin d’on?”

Huminto ako sa paglakad bago ko siya nilingon. “Dalawin? Bakit? Wala naman akong sakit, ah.”

“May sakit lang ba ang dinadalaw?” nakangising tanong ni Carlos. “Manliligaw sana ako sa ’yo, eh. P’wede ba?”

Ikinuyom ko ang aking kanang kamao bago ko iyon ipinakita sa kanya. “Suntok, gusto mo?”

Tumawa siya nang malakas bago hinawakan ang aking kamao at walang sabi-

sabing hinalikan iyon.

“Ano ba, Carlos!” iritadong sita ko bago siya sinuntok sa mukha.

“Aray ko naman!” tumatawang reklamo niya.

Hindi ko na siya pinansin, binilisan ko ang aking mga hakbang para makalayo na sa kanya. Inis na inis ako.

“Ang sungit mo pa rin, mahal ko.”

Maaga akong nagising kinabukasan. Malayo ang probinsya nina Christy kaya malamang matagal naming lalakbayin ang papunta roon. Hindi na ako nakaangal sa gusto ni Christy, magtatampo na naman kasi iyon kapag kumontra pa ako. Kapag buntis pa naman, nagiging sensitive.

“Good morning, George,” nakangiting bati sa akin ni Reel pagkabukas ko ng pintuan.

Sa kuwento ni Christy sa akin, suplado at istrikto raw si Reel noon. Pero sa tingin ko, hindi naman ito ganoon. O baka nagbago na lang siya mula nang maging sila ng kaibigan ko?

“Good morning. Pasensya ka na, na-late ako ng gising. P’asok ka muna.”

“Okay lang,” aniya nang maupo sa sofa. “S’abi nga pala ni Christy, sasama raw sa atin si Carlos.”

“Oo,” sagot ko nang abutan ko siya ng isang

tasang kape. “Anyway, kilala mo siya?”

“Of course. Kilalang-kilala ’yong taong iyon sa mga kalokohan niya,” turan niya nang nakangiti bago humigop ng kape. “Salamat pala rito sa kape.”

“Okay lang.” Akmang hihigop din ako sa sarili kong tasa nang marinig kong may kumatok sa front door.

“Good morning,” nakangiting bati sa akin ni Carlos pagkabukas ko ng pinto.

Nakataas ang kanyang buhok na tila ba nilagyan ng sandamakmak na hair gel. Para siyang nakuryenteng ewan.

“Oh, g’wapong-g’wapo ka na naman sa akin?” aniya.

“Kapal mo ha!” I wanted to laugh pero parang bigla akong nahiya kaya inilapit ko na lang ang rim ng aking coffee cup sa mga labi ko para ikubli ang nais sumilay na ngiti. Humigop ako ng kape. “P’asok ka.”

“Late na ba ako?” tanong niya sa akin. “Uy, p’re, andito ka na pala,” baling niya kay Reel pagkakita sa nasa sofa.

“Gusto mo ng kape?” tanong ko sa kanya.

“Gatas.”

“Gatas talaga?” Sinulyapan ko siya para alamin kung seryoso ba siya o nagbibiro lang. Nagtama ang aming mga paningin. Kinindatan niya ako at tinaasan ko naman siya ng kilay.

Nangingiti si Reel habang palipat-lipat ang tingin niya sa amin ni Carlos. “Bagay kayo,”

komento nito.

"Yuck!" agad kong sagot.

Eight o'clock AM. Iyon ang oras nang mapasulyap ako sa relo sa kaliwa kong braso. Tatlong oras na rin siguro kaming naglalakbay. Lulan kami ng kotse ni Reel. Si Reel ang nasa driver's seat habang katabi niya si Carlos tapos ako ang nasa backseat at katabi ko naman ang mga pasalubong namin kay Christy.

"Inaantok ka ba, George? Matulog ka muna. Mahaba ang biyahe natin. Tiyak na gabi na tayong makararating d'on. Gisingin ka namin kapag magla-lunch na tayo," ani Reel habang nakatingin sa akin sa pamamagitan ng rearview mirror.

"Gusto mo lilipat ako diyan para sumandal ka sa akin?" Napasulyap ako kay Carlos nang lingunin niya ako. "Kiss lang ang bayad."

"Hindi na. Salamat na lang," turan ko sabay irap. Muli kong ibinalik ang aking tingin sa labas. Napansin kong madilim ang paligid. Tila ba nagbabadya ang paparating na ulan. "Mukhang masama ang panahon ngayon, Reel."

"Oo nga. Narinig ko kanina sa radyo na may paparating daw na bagyo."

"Narinig ko rin," sabat ni Carlos. "'Georgina' raw ang pangalan. Malamang ang lakas n'on. Baka matangay n'on ang puso ko..."

Biglang humagalpak ng tawa si Reel.

"Ako, Carlos, tantanan mo ako diyan sa pang-aasar mo ha."

"O, bakit? Inaano ba kita?" Nakangisiing lumingon sa akin ang hinayupak. "Porke kapangalan mo 'yong bagyo eh, namumula ka na..."

*Ano? Namumula ako?* gulat kong tanong sa isip ko. *Oh, no!* Napalunok ako nang mapansin kong makahulugan ang mga ngiti ni Reel nang sulyapan niya ako sa pamamagitan muli ng rearview mirror. Kahit hindi niya sabihin, halata na tinutukso pa rin niya ako kay Carlos.

"Mga lokong 'to. Buwisit. Wala kasing ibang mapag-tripan, kaya ako ang inaasar ngayon," naiinis kong bulong sa aking sarili bago ko inihilig ang aking ulo sa bintana at pumikit.

I was really not sure kung ilang minuto na akong nakakaidlip nang bigla akong mapaigtad nang maramdaman kong parang hindi normal ang takbo ng aming sinasakyan. Agad akong nagdilat ng aking mga mata.

"What's going on?" Bigla akong nataranta nang makita kong pa-zigzag na ang aming takbo at para bang sobrang bilis na namin.

"Pare, h'wag kang magbiro nang ganyan, bangin ang nasa gilid natin. Mahal ko ang buhay ko," seryosong sabi ni Carlos kay Reel.

"Ano ba'ng nangyayari?" Lalo pa akong nataranta dahil sa tinuran ni Carlos. "Reel?"

"George... wala tayong preno."

# II

"What?!" *Oh, my God!* Agad kong kinapa ang crucifix na nakapalawit sa kwintas na suot ko. Pumikit ako at umusal ng panalangin. "Our Father, who art in heaven, hallowed be Thy name, Thy kingdom come, Thy will..."

"Reel, may truck tayong makakasalubong!" narinig kong sigaw ni Carlos sa natatarantang tinig.

Agad akong nagdilat ng aking mga mata. Nakita kong papasalubong sa amin ang isang humahagibis na truck.

"My God, Reel!" Hindi na ako mapakali sa aking pagkakaupo. Kung puwede lang na agawin ko ang manibela kay Reel ay ginawa

ko na. Subalit wala akong magawa kundi ang mag-panic.

“Guys, relax...” Halata ang tensyon sa tinig ni Reel bago niya mabilis na kinabig pakanan ang manibela.

“Reel, huwag!” sigaw ni Carlos. Napalunok ako at nanlaki ang aking mga mata bago tuluyang nahulog sa bangin ang aming sinasakyan.

Nakabibinging katahimikan at nakalululang kadiliman ang bumungad sa akin pagdilat ko ng aking mga mata. As in, wala akong makita. Hindi ko alam kung dahil ba wala na akong suot na salamin sa mata o sadyang madilim lang talaga ang paligid.

“Ang salamin ko?” Kinapa ko iyon mula sa aking bandang ulunan. Noon ko lang na-realize na parang nakatuwad ang posisyon ko. Ang sakit din ng aking katawan at sobrang kirot ng ulo. Dahan-dahan kong kinapa ang aking noo. May mainit na likido akong nahawakan. Batid kong dugo iyon. “Oh, my God!”

Kinagat ko ang aking pang-ibabang labi upang pigilan ang napipintong pag-iyak. Kailangan kong maging matapang. Hindi ako dapat umiyak. Hindi ako dapat magpadaig sa aking takot. “R-Reel? C-Carlos?” tawag ko sa dalawa kong kasama, subalit walang sumagot.

Pinilit kong ipihit ang aking katawan upang

makaayos ako nang pwesto bago ako muling kumapa sa dilim. Nagmistula akong bulag.

“Ouch!” asik ko nang maramdaman kong may tumusok sa aking palad. Batid kong basag na bubog iyon. Muli akong kumapa. Nanginginig na ako hanggang sa may nakapa akong ulo. “C-Carlos?” Bumaba ang aking kamay sa pisngi niya patungo sa balikat hanggang sa braso. Alam kong si Carlos iyon dahil di hamak na mas malaki ang kanyang katawan kumpara kay Reel. “Carlos...” Tinapik-tapik ko ang kanyang pisngi. “Please, wake up. I need you.” Hindi ko na napigilan ang pagdaloy ng luha sa aking pisngi.

“G-George...” sagot ni Carlos. Hinawakan niya ang aking kamay na nakahawak din sa kanya.

“Carlos? You’re alive. Oh, thank You, Lord.” Napangiti ako sa kabila ng aking pagluha. Agad akong nagkaroon ng pag-asa dahil may kasama pa akong buhay. “May nakikita ka ba? Ako kasi puro kadiliman lang. Hindi ko mahanap ’yong salamin ko. Tumalsik yata.”

“Madilim talaga,” aniya. Naramdaman kong kumilos siya upang bumangon. “Sandali. May flashlight ako sa bulsa.” Ilang sandali pa ay nagkaroon na nang kaunting liwanag sa aming paligid mula sa maliit na flashlight na hawak ni Carlos. *Lord, thank You*, dasal ko sa isip.

“Carlos, si Reel...” Sabay kaming sumulyap

sa kinaroroonan ng lalaki nang tanglawan niya ito.

"Reel? Pare?" Bahagya itong niyugyog ni Carlos. "George... parang hindi na siya humihinga."

"Ha?" Bigla akong nataranta. *Oh, God, please huwag naman po.* "Reel... Reel, gumising ka. Reel!" Halos maiyak na ako, subalit nanatili siyang unconscious kahit niyugyog ko na siya nang sobrang lakas. Dinama ko ang kanyang pulso. Tuluyan na akong naiyak pagkalipas ng ilang sandali. "Oh, my God! Patay na siya, Carlos. Ano'ng gagawin natin?"

"George, kailangan na nating lumabas dito sa kotse. Kailangan nating makahingi ng tulong," sabi ng kausap. Tinangka niyang buksan ang pintuan ng kotse sa kanyang tabi, subalit nahirapan siya dahil tila ba may nakaharang doon mula sa labas. "Bad trip naman oh!" sigaw niya bago niya sinuntok nang ubod-lakas ang pinto.

Napaigtad ako sa labis na gulat. Napaawang ang kanyang mga labi, siguradong sakit ng kamao ang tinamo ni Carlos dahil sa ginawa niya. Napatingin ako sa kanyang kamao at nakita kong dumugo iyon.

"O-okay ka lang ba?"

"Oo. Okay lang ako," matapang niyang sagot bago niya iniabot sa akin ang hawak na flashlight. "Hawakan mo muna. Gagawa ako ng paraan para makalabas tayo rito."

Gumapang siya papunta sa backseat. Tinangka n'yang buksan ang pintuan doon. Nakabaliktad ang kotseng kinalalagyan namin kaya nahirapan siyang buksan ang mga pintuan.

Finally, pagkalipas ng halos kalahating oras, nabuksan niya rin ito. "Halika na, George. Labas na. Mauna ka na."

Gumapang din ako papalapit sa kanya. "Pero paano si Reel?" Sinulyapan ko ang wala nang buhay na katawan ng kaibigan. Muli na naman akong napaiyak.

"Babalikan natin siya kapag nakahingi na tayo ng tulong. Ang importante ngayon ay makalabas tayo rito. Tingnan mo 'yang noo mo, ang laki ng sugat. Mukhang marami nang dugo ang nawala sa'yo."

Tumango na lamang ako. Dahan-dahan akong lumabas mula sa maliit na awang ng pintuan ng kotse. Nang tuluyan akong makalabas ay nalaman kong natabunan pala ng mga dahon at mga sanga ng punong-kahoy ang naturang kotse kaya napakadilim sa loob nito. Kahit madilim na rin sa labas, pero natatanglawan naman ito ng malamlam na liwanag ng buwan.

Inilibot ko ang aking paningin sa paligid, medyo malabo ang aking paningin dahil sa wala akong suot na salamin, subalit batid kong nasa ilalim kami ng kakahuyan. Ilang sandali pa ang lumipas bago tuluyan na ring

nakalabas si Carlos.

“Halika na, George. Delikado rito,” sabi ni Carlos bago siya lumakad.

Mabibigat ang aking mga hakbang dahil ayaw ko sanang iwan ang bangkay ni Reel, subalit tama si Carlos, kailangan muna naming makahingi ng tulong. Napahinto rin ako sa paglakad nang huminto ang kasama ko.

“Bakit?”

“Sshh...” Sumenyas siya sa akin. Tila ba nakikiramdam siya sa aming paligid.

Napalunok ako. Bigla akong kinutuban, kasabay noon ang pag-ihip ng malakas na hangin na nakapagpatayo sa aking mga balahibo.

“Oh, my God!” Napatili ako nang biglang may lumipad na kung ano sa aming ulunan. Dinig ko ang pagaspas ng pakpak nito. Wari ko ay isa iyong malaking ibon. Napakapit ako nang mahigpit sa t-shirt ni Carlos. Halos yumakap na ako sa kanya dahil sa labis na takot.

“Sira ulo ka!” sigaw ni Carlos habang nakatingala, palipat-lipat ang kanyang tingin sa makakapal at mayayabong na dahon ng matataas na punong naroroon. “Kung sino ka mang tarantado ka’y huwag mo kaming paglaruan!” Mahigpit niya akong hinawakan sa aking braso. “Kapag sinabi kong dapa, dadapa ka ha,” bulong niya sa akin bago kami nagpatuloy sa paglakad. Dumampot siya ng

isang baling sanga ng kahoy.

"Carlos, n-natatakot ako..." Dumaloy na naman ang luha sa aking pisngi.

"Huwag kang mag-alala. Nandito ako, hindi kita iiwan."

"Sala—" Natigilan ako nang bigla na namang lumipad ang malaking ibon sa aming ulunan. Sa pagkakataong iyon ay ramdam ko na ang pagsayad ng tila matutulis nitong kuko sa aking ulo. "Diyos ko po..."

Mabilis akong binitiwan ni Carlos. Pumihit siya paharap sa ibon at hinampas niya iyon nang ubod-lakas. Nahagip niya ang pakpak nito, subalit hindi iyon ininda ng naturang ibon.

Napaatras ako nang sa pagharap sa amin ng ibon ay tila naging halimaw ito sa aking paningin. Nakabuka ang malaki nitong bibig. Pasugod ito kay Carlos at akmang sasakmalin nito ang huli.

"Carlos!!!"

Napaigtad ako. Nanlalaki ang aking mga mata habang habol-habol ko ang aking paghinga. Nasapo ko ang aking dibdib. Ang lakas ng kabog nito.

"George, are you alright?"

Dahan-dahan akong nag-angat ng aking paningin. Nakita kong nakatitig sa akin sina Reel at Carlos. Bakas ang pag-aalala sa

kanilang mga mata.

"Mukhang ang sama ng panaginip mo, ah," komento ni Reel habang nakahawak siya sa manibela.

"Panaginip lang pala, pero parang totoong-totoo," bulong ko sa aking sarili.

Na-realize kong nakahinto ang kotseng sinasakyan namin. Sumulyap ako sa labas. Sobrang lakas ng ulan. Nagulat pa ako nang makita kong katabi ko na si Carlos sa isang iglap. Binuksan niya ang isang bottled water at iniabot iyon sa akin.

"Thanks," sabi ko.

"Saktong gigisingin ka na sana namin. Kakaparada ko lang. We decided na kumain na tayo ngayon para dire-diretso na ang biyahe mamaya," sabi ni Reel, inaalis na ang suot na seatbelt. "Pero n'ong lingunin ka namin, sobrang lakas ng sigaw mo kaya natigilan kami ni Carlos."

"Pasensya na. Nakatulog na pala ako nang tuluyan." Hindi pa rin bumabalik sa normal ang tibok ng puso ko. Ilang beses na akong nanaginip na nagkatotoo.

*Diyos ko, huwag naman po sana,* dasal ko sa isip.

"Ayos lang 'yon," nakangiting saad ni Reel. "Mauuna na akong bumaba sa inyo ha, hihiram ako ng malaking payong d'on sa kainan para hindi kayo mabasa," paalam niya bago lumabas ng kotse. Gamit niya ang isang

maliit na payong.

Kunot-noo akong napatingin kay Carlos nang mapansin kong nakangisi siya sa akin.

“Bakit?” masungit kong tanong.

“Wala naman. Natutuwa lang ako kasi mukhang ako ang laman ng panaginip mo, eh,” turan niyang nakangisi pa rin. “Pinagpapantasyahan mo rin pala ako.”

“Ano?!” Biglang nawala ang atensyon ko sa panaginip ko dahil napunta iyon kay Carlos. “Pakiulit nga ’yong sinabi mo, Mr. Molina, kasi medyo nabingi yata ako eh.”

“Ang sabi ko pinagpa-pan-tas-ya-han mo ako.” Diniinan niya pa talaga ang pagbibigkas sa salitang iyon. Pakiramdam ko, biglang umusok ang bumbunan ko.

*Ang hinayupak na ito. Ang kapal talaga ng mukha.*

“Mahiya ka nga sa sarili mo, Mr. Molina. Baka gusto mong ipukpok ko sa ’yo ’tong bote ng mineral water?”

“Sige lang, mahal ko. Saktan mo ako kung ’yan ang ikaliligaya mo,” tugon niya sa maharot na tinig.

Bigla akong kinilabutan. Hindi ako sanay na hinaharot o nakikipagharutan sa mga lalaki.

“Bwisit ka!” Ipinukpok ko sa ulo niya ang hawak kong plastic bottle. Nayupi iyon. Mabuti na lang at wala nang lamang tubig.

Tawa siya nang tawa. Ako nama’y asar na

asar na. Akmang pupukpukin ko siyang muli, pero bigla nang bumukas ang pintuan sa tabi ko. Tumikhim si Reel bago ngumiti nang makahulugan sa amin ni Carlos.

Hindi na ako umimik. Agad akong bumaba. Pinayungan ako ni Reel tapos si Carlos ang gumamit ng maliit na payong na ginamit ni Reel noong una.

Sumulyap ako sa aking relo. Pasado alas diez pa lang ng umaga. Nakaupo kami, nakaharap sa isang maliit na pabilog na mesa habang inaantay namin ang aming order. Ilang sandali pa, dumating na ang aming pagkain.

Tahimik akong sumubo ng kanin. Hindi ko tinitingnan si Carlos at lalong hindi ko siya pinapansin dahil doble-doble na ang inis ko sa kanya. Alam kong lalo niya lamang akong iinisin at lalo akong maaasar kapag pinansin ko pa siya.

Muling bumalik sa aking isip ang tungkol sa panaginip ko. Ano kaya ang ibig sabihin niyon? Posible kayang may mangyari sa aming hindi maganda habang nagbibiyahe kami? Ganoon ang mga tanong sa isip.

Saglit akong pumikit para umusal ng maikling panalangin. *Diyos ko, huwag Ninyo po kaming pababayaan. Patnubayan Ninyo po kami.*

"Dra. Arellano?" maang akong napatingin sa babaeng bumati sa akin. Nakatayo siya sa aking harapan.

Sa tantiya ko ay kasing-edad ko lang siya. Saglit akong napakunot-noo dahil pilit kong inaalala kung sino siya. “Ako si Carla. Minsan ninyo po akong naging pasyente,” pakilala niya habang nakangiti.

“Oh, hi!” Nginitian ko rin siya. “What are you doing here?”

“Kumakain lang po. Kasama ko ang dalawa kong kaibigan. Papunta kami sa probinsya ng isa pa naming friend para makapag-relax naman kahit papa’no. Sobrang pagod sa work, eh.”

“Tama ka. Kailangan talagang mag-relax. Kailangan din ng ating mga katawan ang pahinga.” Nanatili akong nakangiti sa kanya.

“Uhm, anyway, sige mauna na ako ha,” paalam na niya. “Nice seeing you again.” Tumango lamang ako. Sinundan ko siya ng tingin. Nakita kong pumasok siya sa comfort room. Ilang minuto rin siguro ang lumipas bago ako muling napatingin sa pintuan ng CR.

Natigilan ako at nanlaki ang aking mga mata. Pakiramdam ko ay biglang bumara sa aking lalamunan ang isinubo kong ulam. Bigla akong kinilabutan.

Nakita kong papalabas na si Carla... at wala siyang ulo.

# III

"Doc?" Maang akong napalingon kay Carlos nang hawakan niya ako sa braso. Nagulat pa ako. "Hanep... doktor ka na pala ngayon. Manlibre ka naman."

Hindi ko siya pinansin. Muli kong hinagilap ng tingin si Carla. Nakita kong papalabas na siya kasama ang dalawa pang babae galing sa kainang kinaroroonan namin. Sa pagkakataong iyo'y mayroon na ulit itong ulo.

Saglit kong ipinikit ang aking mga mata. Bahagya ko ring inayos ang aking salamin. Muli kong hinabol ng tingin ang babae. Mayroon na talaga itong ulo.

"Namalikmata lang siguro ako..." bulong ko kasabay ng isang buntong-hininga.

“Ha?” kunot-noong tanong sa akin ni Carlos. Balisa akong tumingin sa kanya. “Bakit ganyan ang mukha mo? Nasi-CR ka ba?”

Hindi ko pinansin ang pagbibiro niya. “Carlos, ’yong babaeng lumapit sa atin kanina…’yong nagpakilalang Carla. Nakita kong wala s’yang ulo n’ong lumabas siya ng CR.”

“Ha?” tila nag-iisip na tanong ng binata bago kinagat ang hawak na saging. “Eh kung wala s’yang ulo, paano niya nakita ’yong daan?”

“Carlos naman!” naiinis kong singhal habang tatawa-tawa siya. “Puwede bang magseryoso ka naman kapag seryoso ’yong pinag-uusapan? Please.”

“Pinapatawa lang kita. Masyado ka kasing seryoso.” Hindi ako umimik. “Okay. Seryoso na po, Doc. Di ba masama ’yon? S’abi ng ilan, kapag nakita mo raw na walang ulo ang isang tao, kailangan mo s’yang sabihan o tawagin man lang para makontra ang posibleng masamang mangyari sa kanya.”

“’Yon nga, eh. Nagulat ako kaya hindi ko man lang siya natawag o na-inform tungkol d’on. Paano ’yon, Carlos?” Nag-aalala ako para sa kalagayan ng dati kong pasyente, sa posibleng mangyari sa kanya.

“Wala ka nang magagawa, George. Nakaalis na sila. At saka, hayaan mo na ’yon, hindi mo naman ’yon kakilala.”

“Ang sama mo. Porke ba hindi ko kakilala

eh, hahayaan ko na lang na mamatay?"

"Oo," agad n'yang sagot. "Ako kasi, mga mahal ko lang sa buhay ang pinakikialaman ko. Hindi ako nakikialam sa buhay ng iba."

"Ang selfish mo," pagkuwa'y sagot ko. Pero hindi ko naman masisisi kung ganoon nga ang katuwiran ni Carlos, dahil naging pananaw ko rin iyon noon. Pero nang makilala at maging kaibigan ko si Christy, nabago ang aking pananaw at natuto akong magmalasakit sa iba. Tumayo na ako at naglakad patungo sa pintuan nang makita kong lumabas na mula sa CR si Reel.

"Walang masama sa pagiging selfish, George. Eh, 'yon ako, eh. Masyado kong mahal ang sarili ko kaya hindi ko hahayaang mapahamak ako para sa iba." Sinundan ako ni Carlos. Dinampot niya ang maliit na payong na ginamit niya kanina. "Halika na, share na tayo."

Sobrang lakas pa rin ng ulan. "Hindi na. Nakakahiya naman sa 'yo, baka mabasa ka pa at magkasakit," turan ko bago ako tumakbo papunta sa kung saan nakaparada ang kotse ni Reel.

"George!" tawag ni Carlos. Hinabol niya ako. "Napaka-romantic mo naman. Gusto mo pa palang nagpapahabol."

"Baliw!" inis kong sabi bago binuksan ang pintuan sa backseat. Halos mabingi ako sa lakas ng pagkakasarado niya sa naturang

pintuan. “Wala ka namang planong sirain ’tong pintuan ng kotse ni Reel, ano?” sarkastikong tanong ko sa kanya nang pumasok na rin siya sa loob. Naalarma ako nang sa driver’s seat siya pumwesto. “Bakit nandiyan ka?”

“Ako ang magda-drive para naman makapagpahinga si Reel. Napag-usapan na namin ’to kanina.”

“Marunong kang mag-drive?”

“Oo naman. Carnapper ako dati, di ba?” nakangising tugon niya.

Tinaasan ko lamang siya ng kilay. Ilang sandali pa ay dumating na rin si Reel.

Three o’clock PM, base sa relo ko. Ilang oras din akong nakatitig lamang sa labas kahit halos wala na akong makita dahil sa lakas ng ulan. Halos magdilim na nga ang paligid. Ayaw ko nang matulog dahil natatakot akong managinip ulit at isa pa, hindi ako mapakali dahil si Carlos pa rin ang may hawak sa manibela. Parang may humahabol sa kanyang kung ano dahil sa bilis niyang magmaneho.

“Carlos, ang bilis mong magpatakbo. Dahan-dahan naman,” sita ko, hindi na ako nakatiis.

“Don’t worry, babe, sa langit naman kita dadalhin, hindi sa impiyerno,” sagot niyang hindi tumitingin sa akin.

“Puro kalokohan ’yang alam mo. Bwisit

ka."

Tawa nang tawa si Reel. Parang gusto ko nga itong suntukin dahil parang aliw na aliw ito sa amin ni Carlos.

Natigilan kami nang biglang tumunog ang cellphone nito.

"Oh, hon, bakit?" tanong ni Reel sa kausap sa kabilang linya. Mukhang si Christy iyon. "Baha na diyan sa bayan? So paano 'yon? Nasa biyahe na kami. Malayo na kami kaya hindi na kami puwedeng bumalik." Sumulyap siya sa amin ni Carlos. "O siya, sige. Mag-ingat din kayo diyan. 'Bye."

"May problema?" tanong ko.

"Baha na raw sa bayan, hindi tayo makakadaan d'on. Mas mainam siguro kung hahanap muna tayo ng matutuluyan kahit ngayong gabi lang. Kailangan muna nating palipasin ang bagyo."

"Eh, saan tayo maghahanap?" Probinsya na ang tinatahak naming lugar kaya bihira na lang ang mga bahay na nadadaanan namin.

"Teka, saan tayo pupunta?" gulat na tanong ni Reel nang iliko ni Carlos sa bandang kanan ang kotse imbes na dumiretso.

"Eh, di hahanap ng matutuluyan..."

"Alam mo ang lugar na 'to?"

"Hindi masyado, p're, pero parang nakarating na ako rito dati."

Ilang minuto rin siguro nilang tinahak ang daan na puro puno lang ang nasa paligid. As in

wala kaming nadaanang bahay, ultimo kubo.

Luminga ako sa paligid. “Carlos, sigurado ka bang may alam ka sa lugar na ’to? Parang naliligaw na ’ata tayo, ah.”

“Relax lang, babe. Puwede naman tayong bumalik kung saka-sakali mang naliligaw na nga tayo.” Ngumisi ito nang sulyapan niya ako sa pamamagitan ng rearview mirror.

“Kahit kailan talaga wala akong tiwala sa ’yo,” inis kong singhal.

“Carlos, balik tayo. Dead end na, pare.”

Agad akong napatingin sa dakong tinitingnan ni Reel—sa isang malaking puno kung saan nakasabit ang isang karatula at nakasulat doon ang mga salitang ‘Dead End.’

“Minsan nantitrip lang ’yong iba. Nilalagyan nila ng karatulang ganyan para hindi na tumuloy ang mga tao, para walang ibang taong makapasok sa lugar nila.” Patuloy pa rin sa pagmamaneho si Carlos. Dire-diretso pa rin siya, subalit mabagal na ang aming takbo.

“Carlos, bumalik na tayo!” sigaw ko.

Tumindi ang inis ko. Lalo pang dumidilim ang paligid. At sobrang lakas pa rin ng ulan. Ayaw kong gabihin kami sa gitna ng daan na tila nasa kawalan dahil delikado iyon.

“Galit na ang babe mo, Carlos,” nakangiting sabi ni Reel bago ako sinulyapan kaya lalo lamang akong naasar. “Ibalik mo na kasi.”

“Pambihira ka naman, babe. O siya, sige na, babalik na tayo.” Akmang ililiko na ni Carlos

ang manibela nang may biglang humarang sa aming harapan na tatlong motorsiklo na may tig-iisang sakay. Hindi alintana ng tatlong lalaki ang malakas na ulan.

Bumaba mula sa motorsiklo ang isa. Matangkad ito at malaki ang katawan. May hawak itong malapad at mahabang kahoy. Hinampas nito nang malakas ang unahan ng kotse ni Reel.

Napaigtad ako mula sa aking pagkakaupo at humigpit ang pagkakakapit sa handle ng kotse. Bigla akong kinabahan. Sigurado akong gulo ang hatid ng mga ito.

Lumapit ang lalaki sa bintana ng driver's seat. Kinatok nito iyon sa pamamagitan ng hawak nitong kahoy. Bahagyang binuksan ni Carlos ang bintana.

"Ano'ng kailangan mo, boss?" untag ni Carlos sa kalmadong tinig.

"Naliligaw yata kayo," sabi ng lalaki. "Hindi ninyo ba alam na bawal pumasok dito ang kahit sino dahil teritoryo namin ito?"

"Pasensya na, boss. Actually, paalis na nga kami, eh," maagap na sagot ni Reel. Halata ang tensyon sa tinig nito. "Tayo na, Carlos."

Akmang isisiradong muli ni Carlos ang bintana, subalit mabilis itong napigilan ng lalaki gamit ang hawak pa rin nitong kahoy. Itinukod nito iyon.

"Sa tingin ninyo ba'y gano'n-gano'n na lang iyon?" Ngumisi ito.

“Pare, huwag ninyo akong taluhin. Gawain ko rin ’yan dati. Alam ko kung ano’ng iniisip ninyo,” sagot ni Carlos.

Napalunok ako. Hinawakan ko si Carlos sa balikat. “Carlos, huwag mo nang patulan,” bulong ko.

“Aba! At may bonus pa pala,” bulalas ng lalaki nang mapadako ang tingin sa akin. “Mga kasama!” tawag niya sa dalawa pang lalaki. “May binibini rito!”

Nagsibabaan ang mga ito mula sa kani-kanilang motor. Lumapit sila sa amin. Tumayo ang isa sa tapat ng pintuan ng backseat.

Halata ang takot sa mga mata ni Reel nang sulyapan niya ako.

“Tarantado kayo!” sigaw ni Carlos sa unang lalaki. “Huwag na huwag n’yong pakikialaman si George.”

Ngumisi lamang ang estranghero.

Hindi ko alam kung paano nangyaring sa isang iglap ay bukas na ang pintuan sa backseat. Hinila ako ng isang matabang lalaking kalbo palabas ng kotse.

“Bitiwan mo ako!” sigaw ko habang nagpupumiglas.

Mabilis na lumabas si Carlos upang sundan ako, pero agad siyang sinalubong ng suntok ng lalaking may hawak na kahoy at ipinukpok nito iyon sa kanyang ulo.

Lumabas na rin ng kotse si Reel, hinarap naman ito ng isa pang lalaki na mahaba ang

buhok. Malaki ang pangangatawan nito kaya kayang-kaya nitong buhatin at ibagsak si Reel.

"Bitiwan mo ako!" muli kong tili habang patuloy ako sa pagpupumiglas. Yakap-yakap ako ng kalbong lalaki buhat sa aking likuran. Lahat kami ay basang-basa na ng ulan. Binuhat ako ng lalaki at dinala ako sa likuran ng kotse. Mahigpit niyang hinawakan ang magkabila kong kamay bago ako tinangkang halikan sa leeg.

Inipon ko ang aking lakas bago ako nagpumiglas at saka sinundan ng pagsipa sa kanyang harapan. Bahagya siyang napaatras habang sapo ang kanyang pagkalalaki.

Tumakbo ako papunta kina Carlos at Reel na kasalukuyan ding nakikipagbuno sa dalawa pang lalaki. Hindi ko malaman ang aking gagawin. Akmang bubuksan ko ang pintuan ng kotse nang makarinig kami ng isang malakas na putok ng baril.

Natigilan ako hanggang sa maramdaman kong nakatutok na sa aking sentido ang dulo ng baril na hawak ng lalaking humila sa akin kanina. Nakita ko sa sulok ng aking mga mata na nakakuyom ang mga kamao ni Carlos.

"Huwag na huwag mong sasaktan si George kung ayaw mong mabura ka sa mundo!" banta nito sa lalaki.

"Eh, tarantado ka pala, eh! Baka ikaw ang burahin ko," nakangising balik ng lalaki bago ako hinila papalapit sa kanya. Sinakal niya

ako bago niya muling itinutok sa aking ulo ang hawak niyang baril. “Hubad!”

Napalunok ako. *Oh, my God!* Bahagya niya akong itinulak dahilan upang mapasandal ako sa kotse.

“Maghuhubad ka o ako pa ang maghuhubad sa ’yo?” Nanlilisik ang mga mata niya sa akin.

Napasulyap ako kay Carlos. Nakita ko ang galit sa kanyang mga mata. Hindi ko mahagilap ng aking tingin si Reel.

Nanginginig ako nang hawakan ko ang dulo ng suot kong t-shirt.

“Gusto kong unahin mo ’yong pantalon mo!” anang lalaki.

“Hayop ka!” sigaw ni Carlos. Akmang susugurin niya ang lalaking nag-uutos sa akin, subalit mabilis siyang hinawakan ng lalaking katunggali niya kanina.

“Subukan mong sumugod, sasabog ang utak ng babaeng ito…”

Napakagat-labi ako. Dahan-dahang dumaloy ang luha sa magkabila kong pisngi. Nanginginig ang buo kong katawan dahil sa pinaghalong lamig at takot. Kinapa ko ang butones ng aking pantalon at dahan-dahan ko itong binuksan.

# IV

*[Carlos's POV]*

"Subukan mong sumugod, sasabog ang utak ng babaeng ito..."

Naalarma ako sa banta ng lalaki. May hawak siyang baril at hindi ko mapapatawad ang aking sarili kapag may nangyaring masama kay George, lalo pa't alam kong ako ang dahilan kung bakit kami napasok sa gulo.

Nanginginig ang mga kamao kong nakakuyom dahil sa galit. Nakita kong natatarantang kinapa ni George ang butones ng kanyang pantalon. Ilang sandali pa ay natanggal na niya iyon at akmang huhubarin na ang suot na pantalon, subalit hindi ako nakatiis.

Hindi ko kayang panoorin lamang si George habang binabastos siya ng lalaking iyon.

Siniko ko ang lalaking mahigpit na nakahahawak sa magkabila kong braso bago ko ito tinadyakan papunta sa lalaking nag-uutos kay George. Nawalan ng balanse ang dalawang lalaki kaya sabay na nabuwal ang mga ito.

Agad kong hinila si George papunta sa akin bago ko siya itinago sa aking likuran. Dinig na dinig ko ang kanyang paghikbi. Halos madurog ang puso ko. Ako ang may kasalanan ng lahat. Mabilis na bumangon ang lalaking may hawak na baril. Sinugod niya ako at itinutok sa noo ko ang hawak niyang baril.

“Sige, iputok mo!” hamon ko. “Ipakita mo tapang mo!”

Napayuko ako at napahawak sa aking sikmura nang suntukin niya ako roon. Mahigpit niya akong hinawakan sa aking buhok bago niya ipinantay ang kanyang mukha sa mukha ko.

“May araw ka rin sa akin, Carlos!” Ngumisi siya. “Nagulat ka ba dahil kilala kita? Eh, lahat naman ng demonyo magkakakilala, di ba?”

Hindi ako umimik. Tama siya, demonyo rin ako. Dati rin akong masamang tao. Naging gawain ko rin ang mangikil at manggipit ng kapwa.

Ipinukpok niya sa ulo ko ang hawak niyang baril bago ako sinuntok sa mukha. Narinig kong napasigaw si George.

"Please, sir. Tama na...!" awat ni George sa lalaki. Ilang beses pa akong pinagsusuntok ng lalaki habang hawak ako sa magkabilang braso ng isa pa, bago nila ako itinulak sa kalsada. Namimilipit ako sa sakit pero pinilit kong bumangon nang makita kong tinutukan si George ng baril sa ulo.

"Please, huwag!" pakiusap ko.

Sa tanang buhay ko, ngayon ko lang nagawang makiusap, hindi ko inakalang magagawa ko iyon dahil dati ay ako ang pinakikiusapan. "Patayin mo na lang ako, boss, huwag mo lang s'yang idamay."

"'Langya naman, nagbago na pala ngayon si Carlos," tatawa-tawang sabi ng lalaki bago isinukbit sa tagiliran niya ang baril. "Pagbibigyan ka namin ngayon. Pero may utang ka sa amin, tandaan mo 'yan." Sinulyapan niya ang dalawa niyang kasama. "Tara na! Dalhin ninyo na 'yang kotse."

"Eh, paano 'tong tatlo?" tanong ng kalbo. Kami ang kanyang tinutukoy.

"Wala nang magagawa 'yang mga 'yan. Mamamatay na sila sa lamig."

Ang lalaking kalbo ang nag-drive sa kotse ni Reel. Iniwan niya ang gamit na motorsiklo kanina, subalit ikinadena iyon.

"Carlos, si Reel!" sigaw ni George.

Noon ko lang naalala ang asawa ni Christy. Nakabulagta ang lalaki sa kalsada.

"Anak ng lolo naman itong si Reel o, dito

pa natulog." Tinapik ko ang pisngi nito. "Pare, gising na! Pare… tapos na ang laban…"

"Huwag ka na ngang magloko!" bulyaw sa akin ni George. "Nasa panganib na nga tayo'y puro kalokohan pa rin 'yang alam mo. Wala ka nang ginawang tama, Carlos!"

Natigilan ako. Si George lamang ang tanging taong nakakapagpatigil sa akin, sa mga kalokohan ko.

"S-sorry, George…"

Hindi niya ako pinansin. "Reel… Reel, please…"

*Kung ako kaya ang nasa katayuan ni Reel, gigisingin niya rin kaya ako at mag-aalala rin siya sa akin?* tanong ko sa isip.

*Hindi. Malamang na iwanan ka pa nila,* sagot ng kabilang banda ng isip ko.

Sabay kaming napalingon ni George sa humintong tricycle sa likuran namin. Bumaba mula roon ang isang lalaking maliit, subalit mabilog ang pangangatawan. Nakapayong ito ng kulay itim.

"Kailangan ninyo ba ng tulong?" tanong nito.

Nagkatinginan muna kami ni George bago kami sabay na tumango sa lalaki.

Ilang sandali pa'y lulan na kami ng tricycle. Nasa loob sina George at Reel, samantalang ako at ang lalaking nag-alok sa amin ng tulong ay nakaupo sa likuran ng driver.

"Teka…" sabi ko nang makita kong papasok

pa rin kami sa kalyeng tinahak namin kanina imbes na palabas. “Akala ko ba dead end na ’to?”

Ngumiti siya. “’Yong karatula bang nakita ninyo? ‘Dead End’ kasi ang pangalan ng kalyeng ito,” turan niya. “Dati kasi kapag nagpatuloy ka pa sa bandang unaha’y dead end na. May bangin na kasi roon. Pero magagaling ’yong mga naunang taong nanirahan dito kasi nalagyan nila ng tulay para mai-connect sa kabilang kalsada.”

“Ah...” Tatangu-tango lamang ako. Wala ang isip ko sa ipinaliliwanag niya kundi kina George at Reel. Sana ako na lang ang bumulagta at nakatulog, ako sana ang katabi at kasama ni George sa loob ng tricycle.

Dahil sa sama ng loob ko kaya hindi ko namalayang nakahinto na pala ang tricycle na sinakyan namin. Naroon kami sa tapat ng isang malaking hotel na halatang luma na. Nababakbak na nga ang puting pintura ng pader niyon. Kung iisipin nga, mukha iyong haunted hotel.

*May hotel pala rito?* takang tanong ko sa isip.

“Hoy, Mr. Molina!” Maang na napalingon ako kay George. “Ano’ng hinihintay mo, Pasko?”

Kakamut-kamot ako sa ulo at napasunod kina George at Reel. Mabuti naman at nagising na ang huli dahil kung hindi, lalo ko pa siyang

susuntukin para matuluyan na siya kung magpapaalalay pa siya sa amin ni George papasok sa naturang hotel.

“Ako nga pala si Rico,” pakilala ng lalaking nagdala sa amin sa hotel na iyon. “Bellboy ako rito.”

“Bakit parang walang tao?” tanong ko nang mapansin kong sobrang tahimik sa hallway at walang katau-tao maliban sa receptionist na nadaanan namin—na mukha nang bangkay sa sobrang putla at payat.

“Kasi kaaalis lang n’ung iba. Saka hindi ho pansinin itong aming lugar dahil ang layo namin sa kabayanan,” nakangiting sagot ng lalaki.

“At saka mukha kasing haunted hotel na ito kaya hindi na—”

“Sana nagpapaskil kayo sa labas para dayuhin kayo. D’on sa pinaka-main na kalsada… ’yong dinadaanan ng mga tao,” putol ni George sa nais kong sabihin. Pasimple niya akong kinurot sa tagiliran saka tinapunan ng masamang tingin.

“Eh, totoo naman. Masama bang magsabi ng katotohanan?” bulong ko sa kanya.

“Manahimik ka na lang. Pasalamat ka nga, may matutuluyan pa tayo,” bulong niya rin sa akin.

“Ma’am, ito na ho ’yong susi ng kuwarto ninyo,” Sabi ni Rico. Iniabot nito ang dalawang susi kay George. “Room number 12 and

number 13 ho 'yan. Magkatapatan lang."

Mabuti na lang at nasa bulsa ng mga suot nilang pantalon ang mga wallet nilang tatlo, kaya may magagamit silang pang-lodging.

"Thank you." Magalang na ngumiti si George sa lalaki. "Tara na, Reel. Kailangang magamot 'yang sugat mo." Nakaupo ang huli sa isang silya sa pinakasulok ng hallway. Mukhang lamig na lamig na ito.

*Anak ng lolo naman!* sigaw ng isip ko. *Si Reel lang talaga ang inalala niya, paano naman ako? Tao rin naman ako, ah.*

"Hi..."

Magkasalubong ang mga kilay ko nang humarap ako sa babaeng bumati sa akin.

"Ikaw 'yong kasama ni Dra. Arellano kanina d'on sa canteen, di ba?"

Saglit akong nag-isip bago ko naalala ang pangalan niya. "Carla ba?"

"Yes," nakangiting sagot niya.

Nginitian ko rin siya.

"Ang lakas ng ulan, ano?" Sinabayan niya ako sa paglakad sa mahabang pasilyo ng hotel na iyon. Papunta ako sa bandang dulo dahil nandoon ang mga kuwartong naka-assign sa amin ng mga kasama ko.

"Oo," simpleng sagot ko.

"Uhm, bakit ka pala may sugat sa labi saka mukhang maga 'yang pisngi mo?"

Huminto ako sa paglakad nang mapansin ko ang numerong nasa pintuan ng silid. Room

13.

Sinulyapan ko si Carla. “Dito na ako. Saan ka ba?” pagbabalewala ko sa tanong niya.

“Sa second floor ako. Room 25. Kasama ko ’yong dalawa kong kaibigan.”

“Ah, gano’n ba?”

Akmang kakatok na ako sa pintuan nang maramdaman ko ang paghaplos ni Carla sa pisngi ko. Napatitig ako sa kanya. Maganda siya. Maputi, pero maliit.

Gulat akong napalingon sa Room 12 nang bigla iyong bumukas.

Narinig kong tumikhim si George. Nakatingin siya sa amin ni Carla.

Literal akong napanganga. Nakasuot lamang siya ng roba na kulay puti. Mahigpit ang pagkakatali nito sa baywang kaya humapit iyon. Medyo bitin iyon sa kanya kaya labas ang kalahati ng kanyang hita.

Never ko pang nakitang nag-shorts si George, palagi siyang nakapantalon o kaya naman ay naka-jogging pants.

*Wow! Sexy pala ’tong babaeng ito*, sabi ko sa aking sarili.

“Hi, Dra. Arellano,” bati ni Carla kay George.

“Uy, hi... andito ka rin pala.”

“Oo. Lakas ng ulan kaya natakot kaming tumuloy sa province ng friend namin.”

“Kami rin, eh. Palipasin muna namin siguro ’yong bagyo.”

“Kami rin.” Sinulyapan ako ni Carla bago niya muling ibinalik ang tingin kay George. “So, paano, maiwan ko na kayo.”

“Okay.” Nginitian siya ni George. “Anong room kayo?”

“Sa taas kami. Room 25,” sagot nito bago kami tuluyang iniwan.

“So... uhm...” Nilingon ako ni George. Nagtama ang mga paningin namin. Kinindatan ko siya. Bahagyang namula ang mga pisngi niya kaya natawa ako. “Para kang sira! Tumatawa ka nang walang dahilan.”

“Bakit ganyan suot mo?”

“Wala akong damit, eh. Pinapatuyo ko pa.”

“Nandito ba si Reel?” tanong ko. Tinutukoy ko ang silid na katapat, iyong Room 13.

“Yes. Share kayo,” sagot niya. “Gamutin natin sugat mo?”

“Hindi na. Okay lang ako—”

BLAG!

Sabay kaming napatingin ni George sa pintuan ng Room 11. Katabi ito ng silid na iookupa ni George. May malakas na lagabog mula sa loob ng naturang kuwarto. Tila ba may bumagsak na mabigat na bagay, o may itinulak dahilan upang bumangga sa nakasaradong pintuan ng silid.

“May tao diyan?” seryosong tanong ko kay George.

Nagkibit-balikat siya. “Ang alam ko wala. Kasi ang sabi ni Rico kanina, ang tanging

available na kuwarto lang dito sa ibaba ay dalawa lang, itong 12 and 13 lang daw kasi sira raw ’yong mga ilaw sa ibang kuwarto. At ’yong iba naman daw ay marumi. Hindi pa raw nalilinis. Kulang daw kasi sila sa staff and maintenance. Sa taas na raw ’yong ibang bakante.”

“Eh, bakit parang may tao?” Dahan-dahan akong lumapit sa silid numero 11. Bahagya kong idinikit ang kaliwa kong tenga sa pintuan nito.

“Uuhhh... uuhhh...”

Napalunok ako. Lalo ko pang idinikit ang tenga ko sa pintuan. Parang may naririnig akong impit na daing mula sa loob ng silid.

“Tu...tu...lo...long...” Halos paos at mahinang tinig ng isang babae.

Bahagya akong umatras bago ko tinangkang pihitin ang doorknob.

“Bakit?” takang tanong ni George sa akin.

“May tao sa loob ng kuwartong ito.”

# V

*[George's POV]*

"May problema ba, Sir?" Sabay kaming napalingon ni Carlos kay Rico.

"May tao ba rito?" tanong din ni Carlos sa lalaki, itinuturo ang Room 11.

"Wala ho, Sir," nakangiting sagot nito. "Pundido ho kasi ang mga ilaw diyan saka sira 'yung CR, kaya hindi po namin ipinapagamit."

"Pero bakit may narinig ako kanina?" giit ni Carlos. "May boses ng babae sa loob."

"Imposible po iyon, Sir."

"Carlos, tama na," awat ko sa binata. Mainitin kasi ang ulo niya. Kapag sinabi ay ipinipilit niya. Siguradong gulo kapag hindi niya pinanigan ang kausap. "Okay na, Rico. Salamat," nakangiting baling ko sa staff ng

hotel.

Bahagya itong tumango bago kami iniwan.

"Pero, George—"

"Magpahinga ka na. Dala lang 'yan ng pagod, okay?"

"Okay." Nagkibit-balikat pa si Carlos. "Ano nga pala'ng kakainin natin?"

"Hindi ko alam, eh. Mamaya, magtatanong ako kay Rico kung saan tayo puwedeng um-order ng food." Binuksan ko na ang pintuan ng room ko.

"George?" tawag niya uli.

"Yes?" Muli kong nilingon si Carlos.

"Ang sexy mo," halos pabulong na sabi niya.

"Ha?"

"S'abi ko, ang sexy mo kaya huwag mong kakausapin si Rico kapag ganyan lang ang suot mo at malamang na sa hita mo lang siya nakatingin." Nakangising siya.

"Bastos!" turan ko bago ako tuluyang pumasok sa room ko.

Ang lakas pa rin ng ulan. Dahan-dahan akong lumapit sa bintana. Umaanggi kasi mula sa maliit na awang ng sliding window. Akmang isasarado ko ito nang biglang may malamig na kamay na humawak sa braso ko. Sa labis na gulat ay napatili ako. "Ayyy!"

Napatitig ako sa isang batang babaeng nanatiling nakahawak sa kanang braso ko. Nakatitig din siya sa akin. Sobrang itim ng

kanyang balat. Tila ba kasing-kulay na siya ng uling. Tanging iyong mga mata niya lamang ang maputi at ang labi niyang maputla. Sobrang payat niya na tila ba kulang sa pagkain. Wala siyang damit pang-itaas kaya nakalabas ang malaki niyang tiyan. Mahaba ang kanyang buhok. Basang-basa ito gawa siguro ng malakas na ulan.

"Hey! Ano'ng ginagawa mo riyan sa labas? Baka magkasakit ka niyan," sabi ko nang maka-recover na ako mula sa pagkagulat. Tinangka kong kunin ang kamay ko mula sa pagkakahawak niya, subalit ayaw niya itong bitiwan. "N-nagugutom ka ba? Gusto mo ng pagkain?"

Napalunok ako nang dahan-dahang kumibot ang kanyang bibig. Ngumisi siya. Lumabas ang kanyang ngipin na halos brown na ang kulay. Hindi ko alam kung dahil ba sa nabubulok na iyon o may kinain lamang siya.

"M-may kailangan ka ba?" Bigla akong nakaramdam ng kakaibang kaba.

*Bakit parang ang wirdo ng batang ito?* tanong ko sa isip.

Naalarma ako nang ilapit niya ang braso ko sa kanyang bibig at walang sabi-sabing kinagat niya ito.

"Aahhh!" malakas kong sigaw bago ko siya itinulak nang bahagya. Nabitiwan niya ang kamay ko. Agad kong nasapo ang braso kong nagkaroon ng sugat.

“George?” Napalingon ako kay Reel nang pumasok siya sa aking silid. “Are you alright? What’s wrong?” Napakagat-labi ako bago naupo sa kama. “Bakit dumudugo ’yang braso mo?”

“Kinagat ako n’ung bata, Reel.”

“Ha? Sinong bata?” Lumingon din siya sa bintana nang tumingin ako roon. Mabilis siyang lumapit doon at sumilip sa labas. Tuluyan na niyang isinara ang sliding window. “Wala namang bata, George.” Bumalik siya sa harapan ko.

“Umalis na siguro,” kagat-labing sabi ko.

Sobrang hapdi. Hindi naman sobrang laki ng sugat, pero bahagyang nabalatan ang braso ko.

“Stay here, okay?” bilin ni Reel. “Magtatanong ako sa labas kung may first aid sila para magamot natin ’yan.”

Tumango lamang ako.

“George?” narinig kong tawag ni Carlos buhat sa labas ng room ko.

“Come in.”

“Hi…” nakangiting bati niya.

Bahagyang nakabagsak ang basa niyang buhok. He was wearing a white sando revealing his muscles. May pasa siya sa ilalim ng mata at sa ilang parte ng braso at parang medyo iniinda ang pambubugbog ng mga lalaki kanina, pero aminado akong cute siya at may dating. Kaya lang masyado siyang bastos at mahangin. Iyon

pa naman ang mga katangiang pinakaaayaw ko sa lalaki.

"Nakatitig ka na naman sa akin, Miss Arellano," aniya habang papalapit sa akin.

I bit my lower lip and averted my gaze. "Saan mo naman napulot 'yang suot mo?" pagkuwa'y tanong ko.

"Minagic ko," he answered grinning. "Oh, magbihis ka." Kunot-noo akong napatingin sa pares ng damit na inilapag niya sa tabi ko. White sando na pambabae at sexy shorts.

"Saan galing 'to?" Maang akong napatingin sa kanya. "Carlos ha! Baka 'yang kamay mo na naman..."

"Don't worry, mahal, hindi ko ninakaw 'yan. Hindi naman kita pasusuotin ng nakaw eh." Naupo siya sa tabi ko tapos pasimple niya akong inakbayan. Sinulyapan ko ang kamay niya bago ko siya siniko.

"Aw!" reklamo niyang tumatawa. "Naglalambing lang eh."

Tumayo ako mula sa pagkakaupo, "Alam mo, ikaw, pasimple ka rin, ano? Ang manyak mo!"

"Manyak agad?" nakatawa pa ring turan niya. "Umakbay lang, eh. Buti sana kung ipinasok ko ang kamay ko diyan sa loob ng robe mo."

Tinapik ko ang braso niya. Hinawakan niya ang kamay ko.

"Bakit may sugat ka?" takang tanong niya

sa akin.

Bumalik ang takot ko. “Kinagat ako n’ong bata, Carlos.”

“Sinong bata?”

“Hindi ko kilala. Nakatayo siya kanina sa labas, diyan sa bintana.”

Tumayo siya at humakbang patungo sa bintana.

“Wala na. Nakaalis na siya. Hindi na nga siya nakita ni Reel, eh,” sabi ko.

“Dapat makaalis na tayo rito. Baka mamaya’y delikado pala rito.”

“Pero ang lakas pa ng ulan, Carlos. Wala na tayong sasakyan. Lahat tayo’y wala ring cellphone kaya hindi tayo maka-contact.”

“Okay lang. Gagawa na lang ako ng paraan,” seryosong sabi niya. “Sorry, George ha. Ako ang may kasalanan.”

“Okay na ’yon. Hayaan mo na.”

“George...” Sabay kaming napalingon kay Reel. “Alcohol lang ang meron sila eh, saka bulak. Naubos na raw ibang stocks nila ng mga gamot.”

“Okay lang. Salamat, Reel.”

“Ako na.” Inagaw ni Carlos ang alcohol at bulak mula kay Reel. “Mahapdi ba?” tanong niya nang bahagyang dampian ng bulak na may alcohol iyong sugat ko, bago niya ito hinipan.

“Carlos, hindi ako bata...”

“Ehem...” nakangiting kuha ni Reel sa

atensyon namin. "Nakausap ko si Rico, may kantina raw pala sa likuran nitong hotel. D'on na lang tayo kumain."

"Gan'on ba? Mabuti naman. Gutom na ako, eh," sagot ko bago ako tumayo.

"Magbihis ka muna," bilin ni Carlos.

Muling niyang dinampot iyong damit na pilit niyang ipinapasuot sa akin.

"Ayaw kong suotin 'yan. Baka bigla na lang akong awayin ng may-ari niyan."

"Hiniram namin ito," turan niya. "Di ba, Reel?"

Sinulyapan ko ang huli.

"May travelling bag d'on sa room namin, George. We're not sure kung naiwan o sadyang iniwan. Puro damit ang laman, pambabae at panglalaki. Ito nga, nanghiram kami ni Carlos tapos 'yan, ikinuha ka rin ni Carlos."

Tinanggap ko ang pares ng damit mula kay Carlos. Saglit ko iyong tinitigan.

*Bakit naman ito iiwan ng may-ari?* sa isip-isip ko.

"S'abi ko sa 'yo, eh. Nanghiram kami d'on sa bag," makatawang sabi ni Carlos bago sila naunang lumabas ni Reel. Saglit lang akong nagbihis tapos ay sumunod na rin sa kanila.

"Bagay pala sa 'yo ang ganyan, George," komento ni Carlos nang nasa canteen na kami.

Maliit lang ang naturang canteen. May limang mesa na may tig-apat na upuan. Inilibot ko ang aking paningin, kami lang ang tao roon at ang dalawang silbidora.

"Hindi ako nagsusuot ng sando at shorts kaya kapag natuyo na 'yong damit ko, magpapalit na ako kaagad."

"Huwag na." Si Carlos ulit. "Mas maganda kang tingnan kapag ganyan ang suot mo, eh. Tanggalin mo na rin 'yang salamin mo para puwede ka nang ihanay kay Marian Rivera."

Tumawa si Reel.

Tinaasan ko ng kilay si Carlos. "Hindi ako ambisyosa, ano?"

"Ma'am, Sir... ito na ho 'yong order ninyo," nakangiting sabi ng isang babaeng lumapit sa amin. Sa tantiya ko, hindi naglalayo ang aming mga edad.

"Wow, bulalo! Paborito ko 'yan ah," nakangiting sabi ni Carlos. Isang malaking bowl na may lamang mainit na bulalo ang inihain sa aming harapan.

Napalunok ako nang tingnan ko ito. Tila napakasarap niyon sa aking paningin.

"K'ain na tayo. Alam kong gutom na gutom na rin kayo," sabi ni Reel at nauna nang tumikim sa pagkain. "Wow! Ang sarap."

"Saktong-sakto 'yong mainit na sabaw sa malamig na panahon," dagdag ko naman bago ako tumikim din ng sabaw.

Tama si Reel. Masarap nga at malasa.

Siguro nangangalahati na kami sa pagkain nang maitanong ko kung anong klaseng karne ang sahog niyon. Hindi naman baka dahil kakaiba ang texture. Mukhang hindi rin naman baboy kasi walang taba.

"Sa tingin mo, Reel, karne ng ano ito?"

"I have no idea, George," sagot ng asawa ng kaibigan ko na sadyang sarap na sarap sa kinakain namin. "Basta, ngayon lang ako nakakain ng ganito kasarap na bulalo."

"Baka karne ng tao..." nakangiting sabi ni Carlos.

"Bastos mo!" sita ko. "Kadiri ha."

"Biro lang. Ito naman, masyadong sensitive." Nakangiti pa rin si Carlos. "Baka baboy 'to, payat siguro kaya walang taba."

"Pero di ba, usually, ang bulalo ay baka..."

"Oo, George, pero baka iba itong sa kanila. Ibang style naman siguro. Hindi common na bulalo," paliwanag ni Reel bago ininom ang kulay pulang inumin na nasa baso. Tubig at ang inuming iyon lang daw ang available sa kantinang iyon, ayon sa dalawang silbidora.

"Anong klaseng juice 'yan?" Si Carlos. Bahagya pang nakangiwi ang bibig nito.

"Hindi ko alam, eh. Pero medyo... parang malansa..." sagot ni Reel. Bahagya niya pang dinilaan ang kanyang labi.

"Malansa?" kunot-noong tanong ko. Dinampot ko ang baso ko na may laman ding pulang inumin at bahagya kong inamoy. "Red

wine yata 'to, Reel."

"Yes, red wine na parang may ibang kahalo, George."

"Matikman nga." Agad tinungga ni Carlos iyong sa kanya. Ilang segundo lang ay ubos na niya iyon. "Ganito pala ang lasa ng red wine, parang lasang..."

"Lasang ano?" maagap kong tanong.

"Lasang dugo."